

# PANSUPORTANG PABAHAY SA VANCOUVER

Pebrero 2022

BC HOUSING


Nagtutulungan ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver upang matugunan ang mga kritikal na pangangailangan ng mga taong nakararanas, o nasa panganib, ng kawalan ng tirahan sa Vancouver.

## Bagong kumportable at ligtas na mga tahanang may suporta sa Southeast Marine Drive at Beatrice Street

Nakakaranas ng krisis sa pabahay ang Vancouver at mahigit sa 2,000 tao sa buong lungsod ang nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Patuloy na itinuturing na pangunahing prayoridad ng BC Housing at ng Lungsod ng Vancouver ang pagtatayo ng mga kumportable at ligtas na tahanang may mga suporta para sa mga taong nakakaranas, o nasa panganib, ng kawalan ng tirahan sa ating mga komunidad.

Nagmumungkahi ang BC Housing at Lungsod ng Vancouver na magtayo ng isang residensiyal na gusaling may anim na palapag na may humigit-kumulang 72 bagong tahanang may suporta sa 1925 Southeast Marine Drive. Ang mga tahanan ay para sa mga nasa wastong gulang, senior, at mga taong may kapansanang nakararanas, o nasa panganib, ng kawalan ng tirahan nang may prayoridad para sa mga tao sa lokal na komunidad.

- Lahat ng unit ay gagawing mga studio apartment na may sariling banyo at kusina
- Hindi kukulangin sa 5% ng mga tahanan ang lubos na mapupuntahan, nang nakadisenyo lahat ng tahanan na pangkalahatang umaayon sa mga kakayahan ng mga residente
- Magkakaroon din ng mga amenidad sa gusali gaya ng labahan, kainan, espasyo para sa programa, at paradahan



**Nakakatulong ang mga tahanang may suporta sa pagbuo ng ligtas at inklusibong komunidad para sa lahat.**

Ang pagdadala ng mga tao sa loob ay nangangahulugang mas kaunti ang taong maghihirap para mabuhay. Kapag pinili ng isang tao na tumira sa nakasuportang pabahay, magagawa na niyang:

- magkaroon ng kumportable at ligtas na lugar na matatawag niyang tahanan
- magkaroon ng daan sa mga pangangailangan sa pamumuhay gaya ng pagkain, banyo, at labahan
- makapagsimulang maghilom sa pinsalang dulot ng pamumuhay sa lansangan
- mapagtibay ang mga koneksyon sa komunidad






## Pagtulong sa mga taong nangangailangan

Hindi pare-pareho ang mga taong nanganganib sa o nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Sila ay maaaring mga kabataan, mga senior, mga taong may mga kapansanan, at sinumang nakaranas ng trauma, kahirapan, o nakikibaka sa mahal na pabahay. Nangangailangan ang bawat tao ng natatanging kumbinasyon ng mga serbisyo at programa upang masuportahan ang kanilang kalusugan at kagalingan.

## Nakasuportang Pabahay: Isang mahalagang koneksyon sa mga programa at mga serbisyo

Nakikipagtulungan ang mga sinanay na manggagawa sa bawat residente upang makabuo ng pinasadyang plano para matugunan ang kanilang mga personal na layunin at layunin sa pabahay. Iniaalok ang ilang suporta sa loob ng gusali habang ang iba pa ay iniaalok sa lokal na komunidad.

Bukod pa sa pangangalaga sa mga residente, pananagutan din ng non-profit na operator ang pangangalaga sa gusali at mga ari-arian. Maraming non-profit ang nag-oorganisa ng mga ‘Grupo sa Paglilinis’ para sa kapitbahayan, kung saan hinihingi ang tulong ng mga residente para sa pangangalaga ng lugar.




**Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Mga Benepisyo ng Nakasuportang Pabahay sa Komunidad, bumisita sa: www.bchousing.org/research-centre/library/community-acceptance/community-benefits-supportive-housing**


**Ang lahat ng mga programa ng nakasuportang pabahay ay pinapangasiwaan ng mga non-profit na operator sa pabahay na nagbibigay ng karanasan sa propesyonal na pamamahala ng gusali at kadalubhasaan na nagbibigay ng pinasadyang suporta na ginawa upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng bawat residente.**

**Pinili ng lahat ng residente sa nakasuportang pabahay na tumira roon, magbayad ng renta, at nagagawa nilang makuha ang mga suportang ibinibigay ng mga non-profit na operator sa pabahay, mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang programang nakabatay sa komunidad.**

## Kailangan ang pagtutulungan ng buong komunidad upang malutas ang problema sa kawalan ng tirahan

Ang kawalan ng tirahan ay isang kumplikadong hamon na nilulutas ng mga pamahalaan, mga grupo sa komunidad, at mga taong nagtutulungan.

Kinikilala ang agarang pangangailangan sa pabahay, nagtutulungan ang Probinsya, sa pamamagitan ng BC Housing, ang Lungsod ng Vancouver at ang Federal na Pamahalaan at lumagda ang mga ito ng Memorandum ng Unawaan na kumukumpirma sa kanilang pinagsasaluhang pagtutuon sa paggawa ng mahigit 350 tahanan para sa mga taong nakararanas ng kawalan ng tirahan.




The Kettle Society

Kapag naaprubahan, ang gusaling ito ay pamamahalaan ng The Kettle Society, isang establisadong non-profit na tagapagbigay ng pabahay na sumusuporta sa higit 400 abot-kaya at nakasuportang mga tahanan sa Vancouver.





**Sa mga komunidad sa buong lungsod, nagsasagawa ng pagkilos ang mga tao para sa pagsalubong sa mga residente at para suportahan ang nakasuportang pabahay.**

# Paglipat sa 1925 Southeast Marine Drive

Nakatuon ang BC Housing at ang Lungsod sa pagpapatupad ng aplikasyon para sa muling pagsona upang mapaunlad ang partikular na lugar na ito.

Sa pamamagitan ng proseso ng pagpapaunlad ng Lungsod ng Vancouver, nais naming makatanggap ng feedback mula sa komunidad tungkol sa mga sumusunod na aspeto ng proyekto, kabilang ang:

- Mga elemento ng disenyo ng gusali at ng lugar tulad ng mga pailaw at landscaping
- Lokal na representasyon para sa Komite ng Pagpapayo sa Komunidad
- Mga ideyang kaugnay ng pagsuporta sa tagumpay ng mungkahing gusali

Nag-aalok ang Komite sa Pagpapayo ng Komunidad ng oportunidad para sa pagtutulungan upang mapabilis ang pagbabahagi ng impormasyon at talakayan, at upang makabuo at makapagpanatili ng positibong mga ugnayan sa komunidad, sa mga namamahala ng gusali at mga kasosyo sa programa.

Tulad ng anupamang pagpapaunlad sa Vancouver, hindi ginagamit na batayan ang impormasyon tungkol sa mga maninirahan sa gusali sa hinaharap tulad ng kanilang lahi, kasarian, antas ng kita, mga pribadong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, o sekswal na oryentasyon sa pagpapasya ng Konseho ng Lungsod kaugnay ng pag-apruba sa isang lugar.

Makapagbibigay ang komunidad ng feedback tungkol sa mungkahing pabahay na ito sa pamamagitan ng pagbisita sa **letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine.** Ang Tagapag-ugnay ng Komunidad ay maaabot sa **communityliaison@bchousing.org** o sa pamamagitan ng pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 AM at 4 PM**.**

# Mga oportunidad para sa opinyon ng komunidad




*Ang mga petsa sa timeline ay tinataya at maaaring magbago.*

## Pagpopondo

Nakatuon ang pamahalaan ng B.C., ang Lungsod ng Vancouver at ang CMHC sa pagpopondo tungo sa pagsusulong ng mga permanente at nakasuportang yunit ng pabahay para sa mga taong nangangailangan sa Vancouver. Sa pamamagitan ng pagpopondo na ito, magagawa ng Probinsya at ng Lungsod ng Vancouver na matugunan ang mga kritikal at agarang pangangailangan ng mga taong nakararanas ng kawalan ng tirahan sa Vancouver.



Canada — CMHC SCHL — British Columbia — City of Vancouver

Translated materials available at letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine
Ang mga naisaling materyales ay mahahanap sa letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine
ਅਨੁਵਾਦਿਤ ਸਮੱਗਰੀ letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine 'ਤੇ ਉਪਲਬਧ ਹੈ
翻譯版本材料可在 letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine 上找到

Para sa impormasyon kung paano mag-apply para manirahan sa isang nakasuportang gusaling pabahay, kontakin ang **Orange Hall sa 604-648-4270**.

BC HOUSING

© Pebrero 2022 BC Housing